

KHUTBAH



# أقسام الناس في شهر رمضان

للشيخ عبد الله عوض الأسمرى

## Mga Uri ng Tao sa Ramadan

ni Sheikh Abdullah Iwad Al Asmary

ISINALIN SA WIKANG FILIPINO NG:  
ACADEMIC COMMITTEE  
[www.lastmsg.org.ph](http://www.lastmsg.org.ph)



باللغة الفلبينية - تغالوغ

## “MGA URI NG TAO SA RAMADAN”

Ni Sheik Abdullah Iwad Al-Asmary

الخطبة الأولى:

الحمد لله حمداً كثيراً مباركاً فيه، والصلاة على نبينا محمد وعلى آله وأصحابه وسلم تسليماً كثيراً وبعد: أوصيكم

ونفسي بتقوى الله - عز وجل ﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تَقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنْتُمْ مُسْلِمُونَ ﴾ [آل

عمران: 102]

O kayong mga nag-ayuno sa araw ng Ramadan at tumayo sa gabi nito sa pagdarasal, tunay na lumipas na ang unang bahagi ng buwang ito at natitira pa ang dalawang bahagi, at ang natitira ang siyang mahalaga sapagkat ang mga gawain ay nakasalalay sa hulihan nito. Kaya't inyong doblihin ang inyong pagsisikap sa iba't ibang mga pagsunod mula sa pag-aayuno, pagsalah, pagdarasal ng tarawee at tahajjud, pagpakain ng mga nag-aayuno, pagbasa ng Qur-an, pag-ingat sa dila at katawan mula sa mga masasamang salita at gawain, at inyong pagbutihin ang inyong paniniwala sa Allah ﷻ (na kanyang tatanggapin ang inyong mga gawain).

At magsikap kayo sa paggamot ng inyong mga puso at paglinis nito mula sa mga sakit; tulad ng pagkapoot, masamang hangarin sa kapwa, inggit, pagmamalaki, pagkahipokrito, pagiging maramot at iba pa. Ang pag-aayuno ay pagkakataong linisin ang mga sarili, mga puso, at mga pangangatawan mula sa mga kasamaan at pagkakasala.

Hinati ng mga Iskolar ang pag-aayuno ng mga Muslim sa tatlong uri o tatlong antas.

**Ang unang uri:** Ang mga Muslim na nag-aayuno mula sa mga kainin at inumin mula sa pagsikat ng buhang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw ngunit sila'y nahulog sa kasamaan ng dila at ng katawan. Kaya't sila'y makikita mong nag-aayuno ngunit nanlilibak sa mga Muslim, at gumagawa ng paninirang-puri sa pagitan ng mga Muslim. Ang uring ito ng mga Muslim ay hindi nakinabang sa kanilang pag-aayuno at wala siyang nakamit( sa kanilang pag-aayuno) maliban lamang sa gutom at uhaw. Tunay na ang Propeta صلى الله عليه وسلم ay kanyang ipinagbawal ang uring ito ng pag-aayuno, kanyang sinabi:

" مَنْ لَمْ يَدَعْ قَوْلَ الزُّورِ وَالْعَمَلَ بِهِ فَلَيْسَ لِلَّهِ حَاجَةٌ فِي أَنْ يَدَعَ طَعَامَهُ وَشِرَابَهُ "

**“Sinuman ang hindi niya iwanan ang pagsasalita ng masama at paggawa nito ay hindi kailangan ng Allah ﷻ ang kanyang pag-iwan ng pagkain at inumin”**

At sa ibang Hadith:

"رُبَّ صَائِمٍ حَظَّهُ مِنْ صِيَامِهِ الْجُوعُ وَالْعَطَشُ"

( رواه ابن ماجه وحسنه الألباني )

**“Maaari ang parte(nakamit) ng isang nag-aayuno mula sa kanyang pag-aayuno ay gutom at uhaw”** (Iniulat ni ibno Majah at ayon kay Albani ito ay Hasan)

Ang uring ito, unang uri, ay nag-ayuno lamang mula sa pag-iwan ng pagkain, pag-inom at iba pa ngunit kanyang sinaktan ang mga Muslim sa pamamagitan ng kanyang dila at katawan kaya't siya'y napahamak at nalugi ng napakarami.

**Ang pangalawang uri:** Siya ang nag-ayuno mula sa lahat ng mga nakakasira ng pag-aayuno at pagkatapos ay kanyang inalagaan ang kanyang dila at

katawan mula sa pagkakasala. Kaya't kanyang nakayanang kontrolin ang kanyang dila sa pananalita nito. Dahil dito'y makikita mo siyang nag-aayuno at hindi nanlilibak sa mga Muslim, hindi nag-aalipusta, hindi nagmumura ng sinuman sa mga Muslim malapit man na tao sa kanya mula sa kanyang pamilya o malayong tao. At kapag siya'y murahin o alipustahin kanyang sasabihin: “ tunay na ako'y nag-aayuno”, bilang pagtugon sa utos ng Propeta صلى الله عليه وسلم na kapag ang isang taong nag-aayuno ay minura o inaway kanyang sasabihin;

"إني امرؤ صائم"

### “Tunay na ako'y nag-aayuno”

Ang uring ito ng mga Muslim ay hindi sila gumawa ng mga bagay na nakakasira sa kanilang pag-aayuno at kanila ring iningatan ang kanilang mga katawan kaya't sila ang mga taong tunay na nakinabang sa kanilang pag-aayuno. Tunay na ang Allah جله ay ginawa silang matuto sa pamamagitan ng kanilang pag-aayuno. At kapag sila'y nanatili sa kalagayang ito ay magbabago at maging mas mabuti ang kanilang kalagayan pagkatapos ng Ramadan dahil kanilang pinatunayan ang pagkatakot sa Allah جله sa kanilang pag-aayuno, kagaya nang sinabi ng Allah جله:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا كُتِبَ عَلَيْكُمُ الصِّيَامُ كَمَا كُتِبَ عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِكُمْ لَعَلَّكُمْ تَتَّقُونَ ﴾

[البقرة: 183]

“O kayong mga nanampalataya, inobluga sa inyo ang pag-aayuno tulad ng pag-obliga ng mga taong nauna sa inyo upang kayo'y matakot(sa Allah جله)”

Ang tunay na Taqwa/pagkatakot sa Allah ﷻ ay hindi lamang ang pag-iwan ng pagkain, pag-inom at iba pang mga nakakasira ng pag-aayuno bagkus ito rin ay ang pag-iwan ng lahat ng mga bagay na makakaapekto sa pag-aayuno mula sa gawain ng katawan lalong-lalo na sa kasamaan ng dila at ari. Dahil dito’y sila’y hindi gumawa ng zina/pangangalunya, liwat/pagtalik ng lalaki sa lalaki at iba pang mga kalaswaan. At sila’y hindi nanakit sa kaninuman sa pamamagitan ng kanilang dila katulad ng panlilibak, paninirang-puri, pagmumura, pag-aalipusta at iba pa. At gayun din hindi sila sumuway sa pamamagitan ng kanilang mga kamay tulad ng pagnanakaw, pananakit, pang-aapi at hindi sila tumingin sa mga bagay na ipinagbabawal, sa palengke man o sa mga panood na kung saan nandirito ang mga babaeng nakikita ang kanilang mga katawan o halos hubad na. At gayun rin ay hindi sila nakinig sa mga musika at iba pa.

Hilingin natin sa Allah ﷻ na Kanyang ingatan ang ating mga katawan mula sa mga ipinagbabawal.

**Ang pangatlong uri:** Ito ang pinakamainam sa lahat ng uri, na kung saan sila yaong mga nag-ayuno mula sa lahat ng mga nakakasira ng kanilang pag-aayuno at kanilang iningatan ang kanilang mga dila at katawan sa Ramadan, at pagkatapos ay kanila itong dinagdagan sa pamamagitan nang pagprotekta nila sa kanilang mga puso mula sa masamang pag-iisip/pag-aakala sa mga Muslim at mula sa masamang balak laban sa kanila. Kanilang nilayuan ang ang mga bagay na ito at kanilang ninanais para sa kanilang mga kapatid ang bagay na kanilang ninanais sa kanilang mga sarili. Ang kanilang mga puso ay malinis, at hindi sila nag-iisip ng masama sa mga Muslim maliban na lamang kapag mayroong maliwanag na batayan, sinabi ng Allah ﷻ :



﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اجْتَنِبُوا كَثِيرًا مِّنَ الظَّنِّ إِنَّ بَعْضَ الظَّنِّ إِثْمٌ وَلَا تَجَسَّسُوا وَلَا يَغْتَبَ بَعْضُكُم بَعْضًا أَيُحِبُّ

أَحَدُكُمْ أَن يَأْكُلَ لَحْمَ أَخِيهِ مَيْتًا فَكَرِهْتُمُوهُ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ تَوَّابٌ رَّحِيمٌ ﴿١٣﴾ ﴾ [الحجرات: 12]

“O kayong mga nanampalataya! Inyong layuan ang karamihan sa mga hinala, dahil ang ibang hinala ay pagkakasala. At huwag kayong magmanman at manirang puri sa isa’t isa. Nais ba ng isa sa inyo na kanyang kainin ang laman ng patay niyang kapatid? Tunay na ito’y inyong kamuhian. At kayo’y matakot sa Allah, tunay na ang Allah ang siyang tumatanggap ng pagsisisi, ang Maawain”

At sila ang mga tunay na nag-ayuno, at ito’y antas ng mga Propeta at mga Awliya/mga taong malalapit sa Allah ﷻ at mga Saliheen.

نسأل الله -عز وجل- أن يجعلنا جميعًا منهم؛ كما نسأله -سبحانه وتعالى- أن يرزقنا الحق حقا ويرزقنا اتباعه، ويرزقنا الباطل باطلا ويرزقنا اجتنابه؛ كما نسأله أن يجعلنا ممن يستمع القول فيتبع أحسنه؛ إنه ولي ذلك والقادر عليه . أقول ما سمعتم، وأستغفر الله العظيم لي ولكم فاستغفروه؛ إنه هو الغفور الرحيم.

الخطبة الثانية:

الحمد لله، والصلاة والسلام على محمد وآله وصحبه.

Inyong narinig ang tatlong uri ng mga taong nag-aayuno, at ang pinakamasama sa kanila ay silang mga nag-ayuno mula sa mga nakakasira ng pag-aayuno lamang ngunit ang mga bahagi ng kanilang mga katawan ay nakagawa ng mga ipinagbabawal tulad nang pagtingin sa mga haram sa social media, o pakikinig ng haram, o pagmumura, o pag-aalipusta, o paglilibak at iba pa. Nararapat sa isang Muslim ang kanyang linangin ang kanyang sarili tungo sa mas mabuti, kaya’t kanyang ingatan ang kanyang

puso mula sa inggit, masamang hangarin, at masamang pag-aakala sa mga Muslim bagkus kanyang pagbutihin ang kanyang pag-aakala sa kanyang mga kapatid, iyan ang tunay na nag-ayuno.

ألا وصلوا وسلموا على سيدنا ونبينا محمد وعلى آله وصحبه وسلم

﴿ إِنَّ اللَّهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا ﴾